**Synopsis ng Kuwentong Pambata**

Kuwento ito kung paano iniligtas ng isang gagamba ang sarili at ang mga kapwa karakara (mga panlaban) sa kanilang kapalaran bilang mga bihag at pansabong. Sa tulong ng imahinasyon at pagkamalikhain, nakumbinsi ni Onyok ang mga batang "nag-aalaga" sa kanila na hindi katuwaan at aliwan ang anumang uri ng karahasan. Kuwento itong naglalayong igalang ang karapatan ng mga hayop at panatalihin ang ekolohiya. Mamamangha ang mga batang mambabasa sa kakaibang tapang at kabayanihan ng gagambang si Onyok.

## ANG NAG-IISA AT NATATANGING SI ONYOK

Nakaamba ang walo niyang kamao. Nag-iinit ang magkabilang dulo ng patpat dahil sa puwitang nag-uumapaw ng seda. Matalim ang titig ni Onyok sa kalaban. Dahil ginutom siya ng tatlong araw bago ang sabong, isang makatas na bangaw ang tingin niya sa kalabang gagamba.

Gamit ang tingting, itinulak siya ng mga batang papalapit sa kalaban. Ngitngit na ngitngit ang matatalas na balahibo ni Onyok. Sinugod ng magkatunggali ang isa't isa at nag-espadahan sila ng mga binti. Bumuga si Onyok ng malagkit na seda sa dalawang binti ng kalaban. Napasadsad ito. Mabilis na pinagsusuntok ni Onyok ang anim na mata ng kalabang pulahan. Sa hapdi, napatiklop ang mga binti nito. Naghiyawan at nagpalakpakan ang mga bata sa paligid. Umalingawngaw sa bayan ng San Felix ang kaniyang pangalan: "Onyok! Onyok!"

"Ano pang hinihintay mo? Patumbahin mo na!" sigaw sa kanya ng tagapag-alaga.

Bumulwak ang seda sa puwitan ni Onyok. Bumuhos ito sa katawan ng kalaban. Pilit itong humuhulagpos hanggang sa hindi na makapalag pa. Waring nakaposas ang walo nitong kamao. Nagpaikot-ikot sa ere ang pulahan habang binabalot siya ni Onyok sa

bilangguang seda. Pagkaraan, lumaylay na parang sinampay ang kalaban. Aakalaing isa itong bulok na santol sa malagim na patpat.

Nanginig sa tuwa ang buong bayan. Muling nanalo ang pinakamamahal nilang kampeon. Nakakalabinwalong panalo na si Onyok; wala pang ni isang talo. Sa kanyang pagkapanalo, sandosena ang kalabang parang sumang naibalot niya sa seda. Ang iba nama'y umurong, tumakas sa patpat na wari bang mga gagambang bahay. "Duwag! Supot!" ang hiyaw ng mga bata sa umurong na karakara. Lalong tumaas ang halaga ni Onyok. May isang mayamang negosyante ang nais bumili sa kanya upang ilaban sa ibang bayan. Ngunit hindi ipinagbibili si Onyok. Walang salaping tutumbas sa kanyang tapang.

Dating tahimik na bayan ang San Felix. Hindi ito kilala ng mga manlalakbay at laging nakaliligtaan sa mga mapa. Nakilala lang ang bayang ito nang natuklasan ng mga bata ang kakaibang gagamba sa gitna ng maisan. Balak lang sana nilang mamitas ng mailalaga para sa tanghalian. Ngunit sinilaw sila ang nakabukadkad na sapot. Nagluluningning ang hibla ng seda. Sa gitna nito, naiidlip ang bundat na gagambang kabo negro. Tila ito malaking butete na sumisisid sa gitna ng lawa. Nagbulungan ang mga magkakaibigan sa nakita: "Karakara! Gagambang pansabong!" Dahan-dahan nilang dinakma ang gagamba at isinilid sa walang-lamang sako.

Sinanay nila ang kabo negro na makipaglaban sa bangaw, tipaklong, at ipis. Dadambahin ng gagamba ang mga insekto sa loob ng garapon, babalutin ang kanyang seda upang hindi makapalag, at saka tutuklawin hanggang masimot ang kanilang dugo. Manghang-mangha ang mga bata sa bagsik ng alaga na animo'y munting halimaw.

"Magandang pangalan kaya ang Aswang?" pagtataka ng isa.

"Mas mainam kung Tiktik," sagot ng isa.

“Tawagin natin siyang Onyok,” panukala ng isa. “Para tunog-boksingero.”

“Sige, siya ang ating magiging pambayang walong kamao,” pagmamalaki ng isa.

Mula noon, nakilala ang San Felix bilang bayan ng magigiting na gagamba. Si Onyok ang bumuhay sa dating tahimik na lugar. Ang mga bata rito’y nahilig nang maningalang-sapot—sa kakahuyan, sa talahiban, sa gubat, sa bodega, sa mga kisame, at maging sa mga kawad ng kuryente. Sarisari ang kanilang mga nahuhuli, gaya ng pulahan na animo’y malaking hantik; harungan na makikita sa silong at kisame ng mga tahanan, at ang mahahaba ang galamay na makalamias.

Ngunit nag-iisa at natatangi si Onyok dahil pambihira siyang kabo negro.

Halos bawat bata sa bayan ng San Felix ay may kahon ng mga gagamba. Tila dormitoryo ang kahon, na nahahati ng dahon ng niyog at nilalatagan ng mga dahon ng sili upang bumagsik ang mga karakara. May hiwalay na kahon naman para sa mahihinang gagamba. Pinalilibutan ito ng mga dahon ng bayabas at malunggay upang maghilom ang kanilang mga sugat.

Nang sumikat si Onyok, bawat batang gagamba’y nais siyang tularan. Pagkalabas na pagkalabas nila sa kanilang pugad na sedang sako, hinahasa na nila ang kanilang ngipin, pinatutulis ang balahibo sa binti, at inaasinta ang kapwa ng malagkit nilang seda.

Maging ang mga gagambang-talon, na makikita lamang sa loob ng mga tahanan, ay naghangad ding maging karakara. Nakapaskil sa kanilang mga sapot ang lahat ng mga litrato ng pagkapanalo ni Onyok buhat sa diyaryo at magasin.

Lumipas ang mga linggo, wala nang makikitang anumang sapot sa San Felix. Ang mga gagamba'y nasa loob na lamang ng mga kahon, naghihintay ng kanilang pinapangarap na sagupaan. Nalimot na nila ang sining ng paghabi na pamana pa ng kanilang mga ninuno.

Naglipana ang mga pesteng nagkalat sa bukirin kaya humina ang ani. Nagkapunit-punit ang tanim na letsugas at petchay; waring sinuyod sa bukirin ang mga gintuang butil ng palay. Tuwang-tuwa ang mga niknik, langaw, at balang nang naikahon ang bawat palabang gagamba sa kanilang lugar. Nagpista sa tuwa ang mga masusungit na lamok, tipaklong, at salagubang dahil nabilanggo na ang kanilang kinatatakutang kalaban.

May nagbubuhol sa isipan ni Onyok. Napaliligiran nga siya ng mga tropeo at medalya ngunit nanghihina na siya. Alam niyang nabibilang na ang araw niya bilang karakara. Nauubos na ang kaniyang seda. Isang huling laban na lang at siya'y kailangang magpahinga na. Kung isasabak pa siya, magtatapos ang karera niya bilang isang dakilang talunan.

Nagunita ni Onyok noong siya'y malaya pa. Lagi siyang nakatitig sa mga sinag-araw upang makakuha ng inspirasyon sa lilikhaing sapot. "Ako ang araw," sabi ni Onyok sa sarili, "at ang sapot ko ang aking makapangyarihang sinag."

Naalala niyang hindi talaga siya likas na mabangis. Minsan, may nabighani at nabihag na kuliglig sa kanyang sapot. Nadikit ang isang pares ng sungot nito sa malagkit na sinulid. Tarantang nagpupumiglas ang kuliglig hanggang sa nagkabuhol-tirintas-buhol-tirintas ang mga binti't pakpak nito sa sapot.

"Bulaga!" pabirong bati ng gagamba, umaastang nanunulsi.

Hindi makasagot ang nanginginig na kuliglig. Nailuwa niya ang subong kabute. “Huwag,” pagmamakaawa niyang kaysarap sa pandinig, musika kahit dalawang pantig.

“Pinahihimbing mo ako ng iyong napakalambing na oyayi. Hindi kita kakainin,” sabi ng gagamba habang masuyong inaalis ang malagkit na seda sa mga binti ng bihag.

“Pangako, patuloy kitang aawitan sa mga gabi ng iyong buhay,” sitsit ng kuliglig.

Hindi na mapakali pa si Onyok, tila ba lagi siyang tumutulay sa marupok na sinulid. Nakahanap na ng gagambang ipantatapat sa kanya, si Alvarado. Lumusot ang balita sa bawat kahon ng mga gagamba.

Naniktik ang mga kaibigang gagamba ni Onyok. Kumalat ang tsismis sa hitsura ng kalaban. Nanlaki ang anim nilang mga mata sa nabalitaan. Isang makalamias ang kalaban. Para itong isang alimango sa haba ng mga galamay. Dahil nahuli ito ng isang piyon sa may kawad ng kuryente, tila kumikidlat ang mga binti nito kapag sinasakmal ang pagkaing bangaw. Halos bumuga ng apoy ang puwitan nito kapag sinisilo ang pumupusag-pusag na ipis.

“Para siyang…para siyang de-kuryente!” nangangatal na balita ng isang pulahan.

“Halimaw siya!” pananakot ng isang kaanib na karakara.

Iyon ang kinatatakutan ni Onyok. Ayaw niyang matiris ng isang mas bata at mas malakas na kalaban. Hindi siya padadaig. Ngunit, ayaw na talaga niyang lumaban.

Nakaisip siya ng paraan upang hindi na maipansabong. Nagtulog-tulugan siya sa mga oras ng ensayo. Ayaw niyang kumilos. Gusto niyang tumamlay at magkasakit. Kaysa masaktan o makasakit.

“Masyado mong ginutom, pahiran mo ng sili ang bibig,” mungkahi ng isang bata.

Nang pinahiran si Onyok, napatalon siya sa hapdi. Nanginginig ang kanyang mga binti. Pakiramdam niya, kaya niyang pulbuhin ang kalabang si Alvarado.

Nagtalunan sa tuwa ang mga bata. Walang sakit ang kanilang pambato sa sabong. Nag-alay sila ng matabang bangaw para kay Onyok.

Isang gabing sumasayaw ang mga alitaptap, binuksan ni Onyok ang kaniyang sariling kahon. Dumungaw siya sa labas. Wala nang tao. Tumakas siya mula sa dating kahon ng mga biskwit na may tsokolate. Gapang, gapang, gapang. "Bakit ba kahit walo ang aking binti, kaybagal kong tumakbo?" puna ni Onyok sa sarili. Hindi pa man nakalalayo si Onyok, nagliwanag ang paligid. Nakita niya ang mga binting papalapit sa kanya. Nagkubli siya sa ilalim ng mesa.

Palibot-libot ang binting iyon sa silid. Dinig ni Onyok ang pagkabahala sa tinig ng bata. "Nasaan na siya?" Mayamaya lang, banayad na dumulas ang walis sa paligid. "Nasaan ka, Onyok?" Paakyat pa lang si Onyok sa binti ng mesa, nasabit ang dalawang binti niya sa hibla ng walis. Dahan-dahang siyang naiangkas hanggang sa mapalapit sa dalawang bilugang mata ng bata.

"Onyok!" sigaw nito. "Balak mong tumakas?"

Bilang parusa, isinama si Onyok sa mga karakarang katulad niya. Sa kahong iyon, mas mahigpit ang pagkakakulong sa kanila. Halos abala ang lahat sa kanilang mga ensayo't taktika sa pagpatid, pagsilo, at pagtuklaw. Sa may butas ng dingding, nasilip ni Onyok ang mga kalahi niyang sugatan—may ilang anim na lang ang binti; may bulag ang tatlong mata, at may isang hindi na makapagluwal ng seda.

“Bakit tayo nagkaganito?” sigaw ni Onyok upang marinig ng mga kasama sa kahon.

Nagtaka ang mga kasama niya. “Karakara tayo. Nilikha tayo upang lumaban.”

“Nilikha tayo,” mahinahong paliwanag ni Onyok, “upang gumawa ng sapot. At may sapot tayo upang manghuli ng makakain.”

“Ayaw ko nang mambihag ng makakain,” inis na sabi ng harungan. “Sawang-sawa na ako sa buhay na ‘isang likha, isang nguya’.”

“Huwag tayong mag-asal-tao,” nagmamakaawang sabi ni Onyok. “Kung gusto nilang magbugbugan, hayaan natin sila. Mga gagamba tayo at magpakagagamba tayo.”

Unti-unting nahawi ang sapot sa isipan ng mga gagambang karakara.

“Ano na ang gagawin natin?” tanong ng mga gagamba.

Maingat na nakinig ang mga karakara. Tinandaan nila ang bawat detalye ng sinasabi ng kasama. Pagkaraan, sabay-sabay silang sumigaw upang tawagin ang iniligtas na kuliglig ni Onyok.

“Ano’ng hiling mo, Onyok?” mahinang awit ng kuliglig na takot lumapit sa kahon ng mga gagambang pansabong.

“May mensahe ako para kay Alvarado,” sabi ni Onyok. “Lapatan mo sana ng pinakamalambing mong awit.”

Araw na ng sagupaan nina Onyok at Alvarado. Tumigil ang galaw ng orasan sa San Felix. Nagsara ang mga tindahan at pamilihan. Walang mga pumasadang sasakyan. Walang nag-araro sa bukid, walang nagpakain ng alagang baboy at manok. Maging ang mga sanggol, tumigil muna sa pagngawa at pag-atungal.

“Sa ating kaliwa,” anunsiyo ng tagapangasiwa, “ang dangal ng Sta. Teresita, ang mandirigmang si Alvarado!”

Nagpalakpakan ang mga dayuhang manonood. Halos mabingi ang mga tarat at mayang miron sa sabong. Nagbulungan ang mga taga-San Felix.

“May laban,” sabi ng karamihan. “Mukhang may laban.”

“Sa atin namang kanan,” pahayag ng tagapangasiwa, “ang tanging yaman ng San Felix, ang pambayang walong kamao, si…Onyok!”

Yumanig sa papuri ang paligid. Nagkabitak-bitak ang lupa sa hiyawan at lundagan. Nanlilisik ang mga mata ng manonood. Taimtim at naluluhang nagrorosaryo ang inang samba-samba, wari bang anak niya si Onyok.

“Ito na ang pinakahihintay nating palabas!” usap-usapan ng mga kinakabahang gagamba.

“Simulan na ang laban!” Hindi na makapaghintay pa ang mga manonood. Sabik na sabik silang makakita ng gagambang tinitiris, tinatampal, binubulag, nilulumpo, at binabalot sa sedang bilangguan.

Walang talas ang sandosenang mata ng magkatunggali. May lihim na silang mga karakara at kuliglig lamang ang nakaaalam.

“Lusob na,” naiinip na sabi ng mga bata. “Sunggab na!”

Hindi pa rin kumikilos sa dalawang karakara. Nag-uusap sila sa tingin kung kailan at paano magsisimula.

“Nakinig sana siya sa kuliglig,” bulong ni Onyok sa sarili.

Waring umaawit ang mga manonood sa kanilang mga pakiusap.

“Onyok, suntok, sapok, dagok!”

“Alvarado, sampal, sakmal, buntal!”

Nagsabay-sabay sila ng kanilang tagulaylay:

“Tampalin, tadtarin, hambalusin

Patumbahin, durugin, pulbusin.”

Sabay na nagdikit ng seda ang dalawang gagamba sa kanilang kinauupuan. Pagkaraan, sabay silang tumalon sa patpat. Pababa nang pababa, nakasabit sa kanilang sedang sinulid. Nagtagpo ang dalawa sa ere at nagyakapan.

“Bigyan natin ng dangal ang pagkagagamba natin,” sabi ni Onyok kay Alvarado.

Nagkandaduling ang mga manonood sa susunod na mangyayari. Kamangha-mangha, walang labanan ngunit makapigil-hininga ang kanilang natutunghayan.

Nagpaduyan si Onyok hanggang marating niya ang kabilang dulo ng patpat. Kita ang malapakwang hugis ng sinulid na seda. Paulit-ulit siyang bumalik, pakanan-pakaliwa, hanggang sa makalikha siya ng sapot na hugis bangka.

Nagpalakpakan ang madla nang makita nilang tila nagsasagwan sina Onyok at Alvarado.

“Wala pa bang laban?” pagtataka ng naiinip na kapitan ng baranggay.

Pinilas ni Onyok ang nakasabit na sapot na hugis bangka. Binilot ito ni Alvarado at saka itinirintas tulad ng makapal na lubid. Muli na namang lumikha ang dalawang karakara. “Muntik ko nang malimutang maging gagamba!” sabi ni Onyok kay Alvarado habang abala sila sa pagbuhol, pagtirintas, pagsabit, pagluwal, pagtali.

“Salamat at muli mong ipinaalala sa akin,” tugon ni Alvarado. “Ikaw talaga ang nag-iisa at natatanging si Onyok.”

Naghiyawan ang buong bayan nang makita nila ang ginawa ng gagamba. Nanghina sila sa kagandahan nang makita ang obra maestra: tulay na kawangis ng sikat na tulay ng San Juanico. Sino'ng makapagpapaliwanag na napakahusay nilang karpintero? Sino'ng mag-aakala na sila'y mga arkitekto?

"Mabuhay ang ating mga gagamba!"

At sumabog ang pinakamalakas na palakpakan sa bayan ng San Felix.

Simula noon, nagbago na ang pagkakakilala ng lahat sa San Felix. Hindi na ito kilala sa mga magiting na karakara. Mas itininanghal ito bilang bayan ng gagambang masining at mapanlikha. Sinumang maningalang-sapot ay mapapaluha sa husay at ganda ng mga kakaibang disenyo—mga yugto ng buwan, kabibe, bumubukad na bulaklak, anahaw, dahon ng ipil, at siyempre, ang walong kamao.

Malaon nang pumanaw sa katandaan ang sikat na gagambang kabo negro. Pero bawat sapot sa San Felix ay monumentong kumikilala at dumarakila sa kanya.

Siya ang gagambang nagpatunay na hindi lahat ng umuurong ay talunan, na hindi lahat ng pagsuko ay kaduwagan. Siya ang nagpakilala ng kakaibang anyo ng katapangan at kabayanihan.

Siya ang nag-iisa at nagtatanging si Onyok.